# PAGIGING RESPONSABLE

11
ARALIN

## MGA PAMANTAYANG TINUTUGUNAN

- Matututo ang mga estudyante na maging responsable sa kanilang mga kilos.
- Magpapakita ang mga estudyante ng pagiging maaasahan, pagiging produktibo, at pagkukusa.
- Lalahok ang mga estudyante sa mga pag-uusap kasama ang iba't ibang kapareha tungkol sa mga nakatuong paksa at teksto na angkop sa kanilang baitang sa maliliit at malalaking grupo.

## MGA LAYUNIN

Mauunawaan ng mga estudyante na ang pagiging responsable ay nagpapatibay ng tiwala ng iba sa kanila.

Mauunawaan ng mga estudyante na may mga kahihinatnan kapag hindi sila responsable.

Mauunawaan ng mga estudyante na ang mga responsibilidad ay inaangkop sa edad.

Tutuklasin ng mga estudyante ang mga estratehiya na makakatulong sa kanila na maging mas responsable.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Malaking poster para gumawa ng “Poster ng mga Responsibilidad at Bunga” bago ang klase (“Gagawin Ko”)
- Activity sheet na “Mga Responsibilidad ng mga Mag-aaral” para sa bawat estudyante (“Gagawin Natin”)
- Maliliit at parisukat na papel para sa bawat estudyante na may kulay ng bahaghari na nakasulat sa likod; dapat makakuha ang bawat estudyante ng dalawa hanggang tatlo depende sa dami ng estudyante (“Gagawin Mo”)
- Malaking poster na may balangkas ng isang bahaghari (“Pagtatapos”)

# Panimula

3 Minuto

Sabihin sa mga estudyante, "Ngayong araw, pag-uusapan natin ang tungkol sa pagiging responsable. Nakalimutan niyo na ba ang isang bagay, tulad ng isang libro mula sa aklatan o ang inyong takdang-aralin, at sinabi ninyo, 'Nakalimutan ni nanay na ilagay ito sa aking bag'?" Hayaang sumagot ang mga estudyante. Pagkatapos, sabihin, "Buweno, hindi naman talaga iyon trabaho ng nanay niyo. Trabaho mo iyon, at tinatawag nating mga responsibilidad ang ating mga trabaho. Bahagi ng paglaki ang pagkatuto tungkol sa mga responsibilidad at pagiging responsable. Lahat ay may mga responsibilidad, at mahalagang gawin ang mga ito. Ang mga taong hindi ginagampanan ang kanilang mga responsibilidad ay maaaring magkaroon ng malalaking problema."

# Kaalamang Ipinepresenta ng Guro/Gagawin ko

15 Minuto

Ipakita ang "Poster ng mga Responsibilidad at Bunga," na nagtatampok ng mga halimbawa ng mga responsableng kilos at kahihinatnan, kung saan makikita ito ng mga estudyante. Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante, "Ngayon, titingnan ko ang ilang larawan ng malalaking problema, iisipin kung anong responsibilidad ang dapat kong ginawa para maiwasan ang mga ito, at ipapakita sa inyo kung paano ko itutugma ang problema sa responsibilidad. Pansinin kung paano ako magiging maingat na hindi sisihin ang ibang tao para sa problema." Mag-isip nang malakas at gumuhit ng mga linya na nagkokonekta sa mga larawan ng mga kinahinatnan ng hindi pagtupad sa iba't ibang responsibilidad sa kanilang katugmang mga responsibilidad.

# Pinapatnubayang Pagsasanay ng Estudyante/Gagawin Natin 15 Minuto

Pagkatapos makumpleto ang aktibidad na "Poster ng mga Responsibilidad at Bunga", ipamahagi ang activity sheet na "Mga Responsibilidad ng mga Mag-aaral" sa bawat estudyante. Sabihin, "Bawat isa sa inyo ngayon ay may papel na may ilang larawan ng mga responsibilidad ng mga estudyante. Tingnan ninyo ang mga ito. Pagkatapos, humarap sa taong katabi ninyo at pag-usapan kung ano ang mangyayari kung pinili ninyong hindi maging responsable sa bawat gawain." Maglibot sa silid-aralan. Pagkatapos ng ilang minutong talakayan, hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang natutunan mula sa kanilang mga kapareha.

# Sariling Pagsasanay ng mga Estudyante/Gagawin Mo 20 Minuto

Sabihin sa mga estudyante, "Bilang isang klase, gagawa tayo ng isang proyekto, at bawat isa sa inyo ay magiging responsable para sa isang bahagi nito. Kung may isang hindi responsable at hindi gagawin ang kanyang trabaho, hindi matatapos ang proyekto. Puwede ko bang pagkatiwalaan ang bawat isa sa inyo na maging responsable?" Dapat magbigay ng pasalitang sagot ang mga estudyante.

Susunod, sabihin sa mga estudyante, "Gagawa tayo ng isang bahaghari ng klase. Bawat isa sa inyo ay makakakuha ng isang piraso ng bahaghari na may partikular na kulay na nakasulat sa likod ng bawat piraso. Responsibilidad ninyong kulayan ang inyong mga piraso gamit ang parehong kulay

ng krayola o panulat na nakasulat sa likod. Kung may isang hindi makukumpleto ang kanyang piraso o hindi makukulayan ng tamang kulay, hindi mabubuo ang bahaghari."

Ipamahagi ang mga piraso ng bahaghari sa bawat estudyante. (Kung malaki ang iyong klase, maraming estudyante ang magiging responsable para sa parehong kulay ng mga piraso ng bahaghari.) Tulungan ang mga estudyante habang kinukulayan nila ang kanilang mga piraso ng bahaghari.

## Pagtatapos 15 Minuto

Kapag nakulayan na ng mga estudyante ang kanilang mga piraso ng bahaghari, buuin ang bahaghari ng klase kasama ang mga estudyante sa malaking poster na may balangkas ng isang bahaghari. Purihin ang bawat estudyante sa pagiging responsable at sabihin sa kanila, "Alam kong makakaasa ako sa inyo!"

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang nararamdaman mo kapag alam mong ginawa mo ang lahat para maging responsable?
2. Paano naiiba ang mga responsibilidad mo ngayon kaysa sa mga responsibilidad mo noong nakaraang taon?
3. Kung ginagawa mo ang iyong trabaho ngunit kailangang paalalahanan nang paulit-ulit para gawin ito, iyon ba ay pagiging responsable?
4. Kung nakalimutan mong maging responsable at may nangyaring malaking problema, kanino ka dapat humingi ng tulong?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGPAPALAWIG NG SINING

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng isang chart o poster na “Paano Ako Kikilos nang Responsable at Ano ang Inaasahan sa Akin” na nagtatampok ng mga guhit ng mga sumusunod na bahagi ng responsibilidad:

- Aking Sarili (*pagkain ng masusustansiyang pagkain, pag-eehersisyo, atbp.*)
- Aking Tahanan (*paglilinis ng aking kuwarto, paggawa ng mga gawaing-bahay, atbp.*)
- Aking Paaralan (*pagpapanatiling malinis ng aking mesa, pagtataas ng aking kamay, atbp.*)
- Aking Komunidad (*pagpulot ng basura, paglakad sa bangketa, atbp.*)

## PAGPAPALAWIG NG DRAMA

Tagubilinan ang mga estudyante na isadula ang mga responsableng pag-uugali at iresponsableng pag-uugali.

## PAGPAPALAWIG NG ELA

Pasulatin ang mga estudyante tungkol sa kanilang mga personal na responsibilidad at kung ano ang mangyayari kung pababayaan nila ang kanilang mga responsibilidad.

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin ang pabula ni Aesop na “Ang Langgam at ang Tipaklong.” (*Tingnan ang “Ang Langgam at ang Tipaklong: Isang Pabula ni Aesop” resource ng tagapagturo para sa teksto.*) Hilingin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga reaksyon sa kuwento. Simulan ang talakayan sa pamamagitan ng pagtatanong tulad ng, “Naranasan niyo na bang maging tulad ng langgam o ng tipaklong? Ano ang naramdaman ninyo?”

# PAGPAPALAWIG NG PANITIKAN

Basahin ang *Horton Hatches the Egg*, ni Dr. Seuss, sa mga estudyante. Talakayin ang aklat. Gamitin ang mga sumusunod na tanong upang magsimula ng mga talakayan:

- Bakit pinili ni Horton na manatili sa itlog?
- Paano ipinakita ni Horton ang responsibilidad?
- Ano ang ibig sabihin ni Horton nang sinabi niyang, “Tapat ako sa sinabi ko at sinabi ko ang ibig kong sabihin. Ang isang elepante ay tapat nang 100 porsyento”?
- Naging responsable ba si Mayzie nang iwan niya ang kanyang itlog?
- Ano ang gagawin mo kung ikaw si Horton?
- Paano tayo magiging responsable tulad ni Horton?

# PAGPAPALAWIG NG ARALING PANLIPUNAN

Magdaos ng isang “Araw ng Karera sa Klase” kung saan magbibihis ang mga estudyante bilang isang tao sa larangan ng karera na gusto nilang maging paglaki nila. Kailangang mag-isip ang mga estudyante ng mga responsibilidad ng kanilang magiging karera sa hinaharap at ibahagi ito sa kanilang mga kaklase. Maaari ka ring mag-imbita ng iba't ibang miyembro ng komunidad upang makilahok at magsalita tungkol sa kanilang mga responsibilidad sa trabaho.